REALITIES OF RAIN

ANO ANG THE WATER GRID?

Ang SEQ Water Grid ay isang network ng mga pipeline ng buntunang pagtutustos ng tubig na hanggang sa higit sa 600 kilometro upang pahintulutang ihatid ang nilinis at naiinom na tubig sa buong rehiyon.

Ang gird ay konektado sa mga malalaking water treatment plant ng rehiyon at mga dam na nagtutustos ng tubig, pati na mga pinagkukunan ng tubig na madaling umakma sa klima katulad ng Gold Coast Desalination Plant at ng Western Corridor Recycled Water Scheme.

ANO ANG DAPAT KONG MALAMAN TUNGKOL SA THE WATER GRID?

NAGHAHATID NG NILINIS AT NAIINOM NA TUBIG

Hindi pinupuno ng water grid ang mga dam - naghahatid ito ng nilinis at naiinom na tubig sa buong rehiyon. Dahil sa layout ng grid, hindi namin palaging nahahatid ang tubig nang direkta sa isang lugar patungo sa iba pa. Halimbawa, hindi namin naihahatid ang tubig nang direkta mula sa Gold Coast patungo sa Sunshine Coast. Sa halip, hinahatid ang tubig sa pamamagitan ng grid mula sa Gold Coast patungo sa Brisbane, at pagkatapos ang nalinis na tubig sa Brisbane ay hinahatid sa Sunshine Coast.

NAGSUSUPLEMENTO SA MGA LOKAL NA PANUSTOS

Karaniwang tinutustos at nililinis ang tubig sa lokal na komunidad. Paminsan-minsan, pansamantala naming binabago ang paraan kung paano namin pinamamahalaan ang water grid dahil sa mga matitinding kaganapan sa panahon, mga problema sa kalidad ng tubig o kung kailangan naming magsagawa ng mga pagmimintina o pagkukumpuni sa mga water treatment plant o pipeline.

Dahil may mga limitasyon sa dami ng tubig na maihahatid ng grid, hindi nito kumpletong mapapalitan ang mga panustos ng tubig sa lokal na komunidad - susuplementuhan lamang ang mga ito ng grid. Ito ang dahilan kung bakit kailangan pa rin naming magplano para sa hinaharap upang masiguro na ang mga komunidad sa South East Queensland ay mayroong sapat na tubig upang mabuhay, makapagtrabaho at maglibang.

TUMUTULONG UPANG MAGING MAS MALAKAS ANG QLD SA TAGTUYOT

Ang water grid ay itinayo sa panahon ng Millennium Drought, kung kailan ang ilang bahagi ng rehiyon ay may maraming tubig at ang ibang bahagi at halos wala, at wala kaming paraan upang ihatid ito mula sa isang lugar patungo sa iba pa. Hindi man namin matutustusan ang lahat ng mga pagtutustos ng tubig ng rehiyon kung walang ulan sa lokal na komunidad, makakatulong ang water grid upang ihatid ang ilang tubig sa mas tuyong bahagi ng rehiyon.

SA SOUTH EAST QUEENSLAND, MAY NATATANGING IMPRASTRAKTURA NG TUBIG KAMI NA TINATAWAG NA SEQ WATER GRID.

GINAGAMIT NAMIN ANG WATER GRID UPANG MAGHATID NG NILINIS AT NAIINOM NA TUBIG SA BUONG REHIYON.

ANG TUBIG AY HINDI HINAHATID SA PAGITAN NG MGA DAM.

ANG AMING MGA RECYCLED WATER TREATMENT PLANT AY MAAARING MAGBOMBA NG TUBIG DIREKTA SA WIVENHOE DAM, PERO HINDI SILA TUMATAKBO AT WALA SILANG OPERASYON SA NGAYON.



seqwater
WATER FOR LIFE